

Bugtong: Pagkilala sa kulturang Sorsoganon

Lagadia, Dahlia L.

Sorsogon State University, Philippines (lagadiadahlia@gmail.com)

Ester, John Emil D. ✉

Sorsogon State University, Philippines (Ako2emil@gmail.com)

Received: 14 April 2025

Available Online: 2 May 2025

Revised: 25 April 2025

DOI: 10.5861/ijrse.2025.25081

Accepted: 30 April 2025

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstrak

Nasuri sa pag-aaral na ito ang mga bugtong Sorsoganon gamit ang mga elementong sukat, tugma, karikitan at talinghaga na ayon kay Lope K. Santos (Julian, 2014). Nalaman ang kulturang masasalamain sa nabuong bugtong ng mga mag-aaral sa baitang 8 ng Celestino G. Tabuena Memorial National High School taong panuruan 2024-2025. Diskriptib- analisis ang ginamit na disenyo ng pag-aaral na ito. Sinuri ng mananaliksik ang mga nabuong bugtong batay sa pamantayang binigay maging ang sinasalaming elemento ng kultura sa mga ito. Ang pananaliksik na ito ay nilahukan ng 106 mag-aaral mula sa limang seksyon ng Baitang 8 ng Celestino G. Tabuena Memorial National High School, taong panuruan 2024–2025. Nakaipon ang mananaliksik ng 154 na bugtong, sapagkat may ilang mag-aaral na nakabuo ng higit sa isa. Ang mga bugtong ay orihinal at mahusay, alinsunod sa pamantayan ni Julian (2014), at gumagamit ng mga kumbensiyon tulad ng sukat, tugma, talinghaga, at karikitan. Ipinapakita rin ng mga ito ang kultura ng lugar. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng mga kalahok. Lumabas sa pag-aaral na mas maraming bugtong ang nakasunod sa pamantayan ng mananaliksik, bagamat may ilan na walang sukat at tugma ngunit may talinghaga at karikitan. Masasalamain sa mga bugtong ang iba't ibang aspeto ng kulturang Sorsoganon. Ang nabuong magasin ay maaaring gamitin sa pagtuturo ng bugtong bilang akdang pampanitikan. Inirerekomenda na hikayatin ang mga mag-aaral na lumikha ng bugtong na may kumpletong elemento, at gamitin ito upang mapalaganap at mapahalagahan ang kultura. Maaaring magsilbing tulong ang mga bugtong sa pagpapayaman ng imahinasyon at panitikan. Hinihikayat din ang mga karagdagang pag-aaral upang lalo pang mapagtibay ang ganitong uri ng pananaliksik.

Susing Salita: bugtong, pagkilala, kulturang Sorsogon, sukat, tugma, karikitan, talinghaga

Bugtong: Pagkilala sa kulturang Sorsoganon

1. Introduksyon

1.1 Ang Panitikan

Ang panitikan ay laganap na noon pa man, may panitikan nang ginagamit ang mga ninuno sa pagpapahayag ng kanilang mga nais ipabatid kung kaya may kamalayan ang bawat indibihwal sa kasaysayan. Nalaman at patuloy na magiging buhay sa isipan ng mga bagong henerasyon ngayon ang mga pangyayari sa bansa dahil sa panitikan. Naging kasangkapan ito para maipahayag ang damdamin ng mga tao noon. Ayon kay T.S. Eliot (1919) ang panitikan ay isang paraan ng pagpapahayag ng masalimuot na damdamin at ideya na nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa pagkatao at sa kalagayan ng tao sa mundo. Kung kaya't nabibigyang katuturan at kabuluhan ang bawat kibot ng bibig na tinuturan. Nagkaroon ng pagkakakilanlan ang bawat panig ng daigdig nang dahil sa mga nasulat na akda batay sa kanilang paniniwala, saloobin, gawi at paraan ng pamumuhay. Maging ang mga naging batayan sa pananampalataya ay nasulat gamit ang panitikan na siya namang naging sandigan sa kasalukuyan. Ang makulay at magandang panitikan ng iba't ibang bansa ay kasasalaman ng kanilang kultura, paniniwala, pagpapahalaga, at paraan ng pamumuhay kaya naman patuloy itong pinaunlad at pinagyayaman.

Kaisa ang United Nations Sustainable Development Goals (UN SDG) ng Department of Economic and Social Affairs mula sa layuning Transforming our World: the 2030 Agenda for Sustainable Development sa ilalim ng bagong Agenda blg. 36 na nangangakong maitataguyod ang pag-unawa, pagkakapantay-pantay, pagtanggap, isang etika ng pangdaigdigang pagkamamamayan at pagtutulungan sa responsibilidad. Malugod na tinatanggap ang pagkakaiba-iba ng natural at kultural na usapin, at naniniwala na ang kultura at sibilisasyon ay may kakayahang makatulong sa pagpapanatili ng kaunlaran. Ang paggalang at pagrespeto sa mga kultura ng iba't ibang bansa ay isa sa mga SD Goals. Ang SD Goals blg. 4 ay nakatuon sa pagtiyak ng patas at para sa lahat na kalidad ng edukasyon at pagtaguyod sa pagkakataong panghabangbuhay na pagkatuto. Para sa mas malinaw na layunin, taong 2030, lahat ng mga kaalamang kinakailangan ng mga mag-aaral ay makukuha para sa pagtataguyod ng Sustainable Development, kasama rito ang edukasyon sa pagpapanatili ng kaunlaran, pagpapanatili ng kaunlaran sa pamumuhay, mga karapatang pantao, pagkakapantay-pantay ng kasarian, pagpapanatili ng kapayapaang kultural, pandaigdigang pagkamamamayan, pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ng kultura at ang ambag ng kultura sa Sustainable Development. Mahalagang matutukan at mabigyang halaga ang kultura ng bawat bansa sa daigdig sapagkat ito rin ay may malaking ambag sa pagpapanatili ng kaunlaran. Kasama sa pinag-uusapang pagpapahalagang kultural ang usaping panitikan. Tinitiyak din na makamit ng mga mag-aaral ang kaalaman at kasanayang upang maitaguyod ang kaunlaran kabilang na ang pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ng kultura at sa kontribusyon ng kultura sa Sustainable Development. Ang literaturang ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat naglalayon itong malaman ng mga mag-aaral maging ng komunidad ang pagpapahalaga sa kulturang mayroon at ang magandang maidudulot ng kultura sa pagpapanatili ng kaunlaran ng bansa hanggang sa mga susunod ng taon. Dagdag pa, ninanais din ng pag-aaral na ito na patuloy na maipalaganap ang panitikan ng bansa at makiisa sa mga organisasyong nagbibigay pansin sa hangaring ito.

Ayon sa UNESCO Cities of Literature (2020) malaki ang itinutuong pansin ng United Nations Education, Scientific and Cultural Organization (UNESCO) sa usaping panitikan. Ito'y kakikitaan ng pagpapahalaga ng organisasyon para sa pagpapalawak at pagpapanatili ng mga akdang pampanitikan at suporta sa mga manunulat sa buong mundo. Ang UNESCO Cities of Literature na nagpapayaman ng panitikan ng mundo ay may kabuoang populasyon na 26 milyon, 1,250 na silid-aklatan, 130 Literary Festival at mahigit 1,200 tindahan ng mga aklat, ang pinakamatandang aklat, pinakamataas na monumento ng isang manunulat, ang pinakaunang Master ng Fine Arts Creative Writing Program, Unibersidad na tinuturing na pinakamatanda sa gitna ng Europa at ang pangalan

ng istasyon ng tren na mula sa pangalan ng aklat. Ilan sa mga proyektong pagpapahalaga sa panitikan ng bawat Cities of Literature na nakatutulong nang malaki sa malikhaing produksyon ay ang pagbibigay ng premyo, writing residencies, at scholarship. Pagpapahalaga sa mga gawa, salin, tula, kathang-isip, disenyo, ilustrasyon at iba pa. Ilan naman sa mga gawaing inilulunsad ng bawat Cities of Literature na kumikilala sa mga aklat, publikasyon, pagbasa at pagsulat ay ang sumusunod: A Book-Flood Before Christmas, Book Fair, Curated Tours, A Writer's Studio, at Children's Culture House at iba pa. Ang mga nabanggit na programa ng UNESCO Cities of Literature ay may malaking ambag sa panitikan ng mundo. Sa madaling salita, malaki ang naitutulong nito para hikayatin, pagyamanin at pagtuon ng pansin ng mga tao ang panitikan.

Ayon naman kina Park at Habjan (2023) madalas na nakatuon ang tao sa mga akademikong pag-aaral kaugnay ng World Literature. Nais nilang iparating na mas mataas ang interes ng mga tao sa pag-aaral ng World Literature na sa madaling salita, may malaking ambag para sa paglalahad ng iba't ibang aspeto nito. Mula sa mga salitang ginagamit sa literatura hanggang sa pamamaraan kung paano ito madalas na maituro at mabigyang-pansin. Nabanggit din na naglabas ng mga paraan sa pagtuturo ng literatura sa paraang madaling maunawaan at makilala ng mga mambabasa ang mga akdang tumatalakay ng kultura at linggwistika maging ang mga katangian nito si Damrosch (2009). Sa kabuoan, may layunin itong ipagmalaki ang yaman at kompleksidad ng World Literature bilang isa sa mga maaaring pag-aaralan at mabigyang tuon ang mga konteksto ng mga bagong hamon at pananaw.

Anumang pahayag na nakasulat, binibigkas o kahit ipinapahiwatig ng aksyon na may takdang anyo o porma katulad ng tula, maikling kwento, dula, nobela at sanaysay ay tinatawag na panitikan. Madaling makilala ang isang pahayag na may katangiang pampanitikan kapag ito ay may anyo at gumagamit ng wikang sinasadyang bigyang anyo bilang pahayag. Marapat na mabatid ng estudyante at ng Pilipino ang kaniyang pinagmulan, pinag-ugatan at nang lalong mapayabong, mapagtibay ang kaalamang pagkamamamayan bilang tugon sa panitikang maaaring maglaho sa lipunan (Santiago, 2007). Kung kaya't kinailangang magkaroon ng kamalayan sa sariling panitikan upang lubos ang pagkakaunawa sa kultura, tradisyon at pamumuhay na nakakubli sa kasaysayan.

Ayon kina Balunsay at Tindugan (2017) ang palagiang paglingon, pagsipat at edukasyonal na pag-aanalisa sa mga akdang pampanitikan ang mabisa at mainam na paraan ng pagtatangkilik sa sining at panitikang pambayan. Dagdag pa, dapat ay malikom at sa wakas ay maisapapel lalong-lalo na ang mga panitikang hanggang ngayon ay panitikang pasalindila pa rin sa kabila ng paglaganap ng makabagong teknolohiya. Binigyang punto pa rin nila na ang pagkawala ng mga may-alam sa mga ito ay nangangahulugang paglalaho ng mga prinsipyo, damdamin, pagnanais at kariktan ng literaturang sila lamang ang may-alam. Ayon naman kay Rumusud (2022) titibay ang katatagan sa panitikan sa pamamagitan ng katatagan ng kultura na magmumula muna sa unang henerasyon patungo sa makabagong mundo. Dagdag pa, pinakamagandang paraan upang magpatuloy at mapaunlad ang panitikan ay sa pamamagitan ng paggamit ng wasto at may katuturan lalo na ang mga panitikang nasa bibig at isipan lamang ng mga mamamayan.

Binanggit ni Arroqante (2010) na ang pag-aaral at pagtuklas ng tekstong literari ay isang behikulo sa pagsulong ng bansa at daan upang ang kabihasan ay umunlad at magbunga ng mga mabubuting supling. Makatulong sa pag-unawa ng kultura ng isang lipunan ang pangunahing layunin ng pagtuturo nito, mapaunlad ang kasanayan sa paggamit ng wika at makatulong sa personal na pag-unlad ng isang tao. Samantala, ayon sa Artikulo 14, Seksyon 15 ng 1987 Konstitusyon ng Pilipinas na dapat tangkilikin ng Estado ang mga sining at panitikan. Dapat pangalagaan, itaguyod at ipalaganap ng Estado ang pamanang historikal at kultural at mga likha at mga kayamanang batis artistiko ng bansa. Hinihikayat ang lahat ng Pilipino na isabuhay ang batas na ito.

Sa bisa naman ng Proklamasyon blg. 968 s. 2015 idineklara ang Abril na "Buwan ng Panitikan" para bigyang pugay ang pambihirang talento ng mga Pilipinong Manunulat na mababakas sa kanilang mga nabuo at nasulat na akda. Ito ay ipinagdiriwang tuwing buwan ng Abril bilang pagbibigay pugay na rin sa kapanganakan ng dakilang "Ama ng Balagtas" na si Francisco Balagtas Baltazar. Nagkakaroon ng mahabang pagdiriwang sa

pagkilala ng panitikan tuwing buwan ng Abril. Ang pagtangkilik ng panitikan ay nagbibigay ng malaking pag-asa sa pamahalaan sa pagpapaunlad at pagpapayaman ng panitikan ng bansa. Malaki ang pag-asa ng pamahalaan na patuloy na mapapaunlad at mapapayaman ang panitikan ng bansa sa pamamagitan ng pagtangkilik nito. Kaya naman nagkaroon ng programa ang Komisyon sa Wikang Filipino sa pagpapataas at pagpapayaman ng Panitikan. Samantala, ayon sa KWF (2024) nagkakaroon ng nominasyon ang KWF na tinatawag na Gawad Dangal ng Panitikan na kung saan kinikilala nito ang mga Pilipinong manunulat. Ito ay mataas na pagkilala sa naiambag sa panitikang Filipino o lifetime Achievement Award. Binibigyang pugay nito ang natatanging manunulat na nagpahalaga sa kultura at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa Filipino at iba pang Wikang panrehiyon o panlalawigan. Isinasaalang-alang din ang mga nalathalang aklat at iba pang akda na kinikilala sa angkin nitong husay, lawak at lalim, alinsunod sa matalisik na pagtanaw ng mga kritiko at publiko. Ito'y isang paraan ng Komisyon para maenganyo ang mga Filipino na patuloy na sumulat at pagyamanin ang panitikang Pilipino. Malaking tulong ito upang maging produktibo sa pagbuo ng anumang uri ng akdang pampanitikan.

Sa kabila ng mga kaliwa't kanang programa ng pamahalaan sa pagpapahalaga at pagpapanatili ng panitikan ng bansa, may malaking pangamba pa rin ang ilan sa mga manunulat sa unti-unting pagkawala nito. Kung sakaling maubos na ang mga taong nakaaalam ng kahit anong mga uri ng panitikang hindi man lang naisulat ay mawawalan ng yaman ang Pilipinas kung kaya't ipinalabas ang CHED Memorandum Blg. 59 o ang Higher Education Act of 1994 na may tiyak na layuning ituro sa mga mag-aaral sa kolehiyo ang mga panitikan na mayroon ang rehiyong kanyang kinasasakupan.

Ayon kay Buenaobra (2000) sa kanyang aklat na “Pag-aaral at Pagsasalin sa Filipino ng mga Kaalamang-Bayan ng Bikol at ang Kahalagahan ng mga ito sa Pagtuturo ng Filipino sa Bagong Lipunan”, ang kinabukasan ng isang bansa ay karaniwang ibinabatay sa kanyang nakaraan, sa kanyang kasaysayan at panitikan na nagpapahiwatig ng sariling kalinangan o kultura. Dagdag pa, kasaysayan ang batayan ng mga pinagdaanan ng isang bansa samantalang sa pamamagitan ng panitikan ay nababatid ang mga damdamin at paniniwalang nagsinan ng mga mamamayan. Ang kanilang pinagbuhatan, pamumuhay, ugaling panlipunan, pampulitika at pananampalataya. Mababakas din sa kanilang panitikan ang mga kaisipang nilulunggi at maging kabiguan. Mahalagang bigyang importansya ang panitikang rehiyon sapagkat nagpapakita ito ng kalinangan mayroon ang isang rehiyon. Sa madaling salita, ang kasaysayan at kultura ng isang rehiyon ay hindi kailanman dapat paghiwalayin. Anumang pangyayari noon na naisulat sa kahit anong uri ng panitikan ay nararapat lamang na pahalagahan at tangkilikin. Ang anumang akdang mayroon ang isang rehiyon ay magiging batayan ng mga bagong henerasyon sa pagtukoy at paglarawan ng mga paniniwala, ugali at paraan ng pamumuhay noon ng mga ninuno na maaaring magamit nila bilang gabay sa panahon ngayon.

Ang mga nabanggit ay may malaking ambag sa pagpapanatiling buhay ng panitikan sa bawat rehiyon ng bansa. Mas malaki at magandang pagkakataon ito na makilala at maunawaan ng mga nakatira sa rehiyong kanyang kinabibilangan ang kultura at kasaysayan mayroon ang kanyang pinagmulan. Kaugnay nito, naging hamon sa mga Bikolano partikular sa mga Sorsoganong manunulat na makabuo ng isang kalipunan ng panitikang mayroon ang Bikol. Patunay nito ang “Sarabihon, a Journal of Sorsogon Studies- a Literary Folio (Vol 1, No. 1).” Ito ay kalipunan ng mga akda, isa dito ang dyornal na “Huring Paaram” (Cabicolan can “Mi Ultimo Adios” ni Jose Rizal na sinulat ni Jose T. Figueroa at ang “Igwa Dao nin Ribay?” sa panulat ni Valerio Zuñiga. Isang aklat pa ang makikita sa Silid-Aklatan sa Museo ng Sorsogon na may pamagat na Bikol Literary History ni Ma. Lelia F. Realubit na naglalaman ng mga akdang ang layunin ay imulat ang mga Bikolano sa mga literaturang Bikolnon halimbawa nito na mababasa sa aklat ay ang akdang may pamagat na “Panitikang Bikol Ngayon: Isang Silent Spring”, at maging ang pagturo kung ano ang kahalagahan ng literaturang Bikolnon ay makikita rin sa aklat na ito. Pahalagahan at paunlarin ang literaturang mayroon ang rehiyong Bicol, ito ay isang sigaw mula kay Realubit. Ayon pa rin sa aklat ni Buenaobra (2000), pinagtuonan ng pansin dito ang mga panitikang mayroon ang rehiyong Bicol na nakasalin sa Wikang Filipino katulad ng “Isang Gabi” mula sa “Sarong Banggi”, “Dalagang Maganda mula sa “Daragang Magayon”, “Ang Alamat ng Bulkang Mayon (Ikalawang Edisyon) at marami pang iba.

Ang mga nabanggit ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ang mga ito ay naglalayong pagyamanin at pahalagahan ang panitikan ng bansa na kapareho ng kasalukuyang pag-aaral. Mapapahalagahan at mapagayayaman ang Panitikang Pilipino kung ito'y nilalaanan ng oras. Sa paraang ito, mapapanatili at mapapayaman ang panitikang mayroon ang partikular na lugar.

1.2 Kulturang Pilipino

Ipinapakilala ng kultura ang katangian ng isang bayan at ng kanyang mga mamamayan. Masasalamain sa kultura ang mga kaugalian, tradisyon, paniniwala, relihiyon, wika, pagkain, uri ng pamumuhay, panitikan, sining, kasuotan, hanapbuhay, panirahan at iba pa. Mahalagang magkaroon ng malalim na pagkakilala at pag-unawa ang mga mamamayan sa kulturang sariling atin upang ang mabubuting kultura'y mapalawig at lalo pang maisabuhay ng mga mamamayan. Magkakaroon lamang ng pagpapahalaga sa kagandahan ng kultura ng kanilang lahi kung malalaman o mapalalalim ang pag-unawa ng mga mamamayan dito (Julian, 2014). Mahalagang magkaroon ng oras ang bawat Pilipino sa pagkilala ng kanyang kulturang kinabibilangan. Ang kultura naman ayon pa rin sa KWF diksiyonaryo (2021) ay ang kabuoan ng pamumuhay, tradisyon, wika, relihiyon, kaugalian at panitikan ng isang lahi o bansa. Sa pag-aaral na ito ginamit ang salitang kultura para tukuyin ang paniniwala, kaugalian, simbolo, pagpapahalaga, sining at panitikan. Ang salitang pagkilala naman ay ang pagtanggap na ang anuman ay may bisa o karapatang isaalang-alang o kilalanin. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang salitang pagkilala at kultura para kilalanin ang pamumuhay, tradisyon, wika, relihiyon, kaugalian, paniniwala, simbolo, sining at panitikan na mayroon ang mga Sorsoganon. Sorsoganon naman ang tawag sa mga taong nakatira sa probinsya ng Sorsogon, Rehiyong Bikol.

Ang Republic Act 11961 of 2023 An Act Strengthening the Conservation and Protection of Philippine Cultural Heritage through Cultural Mapping and Enhanced Cultural Heritage Education Program, Amending for the Purpose Republic Act No. 10066, otherwise known as the National Cultural Heritage Act of 2009, sa ilalim ng Seksyon 15 ay nagsasabing tungkulin ng Kagawaran ng Edukasyon ang pagtataguyod ng pangkulturang kamalayan, paglaan ng mga programang nakatuon sa pagpapalakas ng kakayahan ng mga guro sa pagmamapa ng mga yaman at ang pagtuturo na nakatuon sa mga lokalisa at kontekstwalisadong mga materyal na batay sa kultural lokal para malinang ang kamalayan at pagpapahalaga sa pagkakakilanlan ng komunidad. Batay din sa Seksyon 42 ng nasabing batas na nakatuon sa Programa ng Edukasyong tungkol sa Pamanang Kultural. Ang Department of Education (DEPED), Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) at ang Commission on Higher Education (CHED) ay magtutulungan sa kani-kanilang kurikulum na maturo ang pamanang kultural ng bansang Pilipinas. Seryoso itong isinasagawa ng mga nabanggit na kagawaran sa lahat ng antas, sa lahat ng paaralan.

Batay naman sa Artikulo 14, seksyon 14 ng 1987 Konstitusyon ng Pilipinas, nararapat lamang na pagyamanin at itaguyod ng Estado ang pangangalaga, pagpapayaman at dinamikong ebolusyon ng isang Pambansang Kulturang Pilipino salig sa simulaing pagkakaisa sa pagkakaiba-iba sa kaligirang Malaya, artistiko at intelektwal na pagpapahayag. Nais ipaalam ng saligang batas sa lahat ng mga Pilipino na patuloy na pagyamanin at linangin ang kultura ng bansang Pilipinas para sa mga susunod na henerasyon. Magsaliksik, sumulat at bumuo ng kahit na anong uri ng akdang pampanitikan na maaaring pagbatayan ng mga kabataan sa mga susunod na taon sa pag-alam at pagtalunton ng kultura ng bansa. Ang nabanggit na Literatura ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat naglalayon din itong malaman ng mga mag-aaral maging ng komunidad ang pagpapahalaga sa kulturang mayroon at ang magandang maidudulot ng kultura sa pagpapanatili ng kaunlaran ng bansa hanggang sa mga susunod ng taon.

Ayon sa pag-aaral ni Jersey (2016) natukoy ang kulturang Bacongnon na nakapaloob sa mga akdang nakuha mula sa mga barangay na sakop Bacon, Sorsogon City ayon sa mga mag-aaral, komunidad at lokal na pamahalaan batay sa tradisyunal na paniniwala, pamumuhay at gawi at kaugalian. Ang pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ito ay nakatuon sa pagsuri ng kulturang Bacongnon na nakapaloob sa akdang nalikom at ganoon din naman ang pokus ng kasalukuyang pag-aaral, masuri ang kulturang

Sorsoganon mula sa mga nabuong bugtong ng mga kalahok ng pag-aaral na ito. Ang naging kaibahan lamang ay nakatuon ito sa Bacon, Sorsogon City samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay nakapokus sa lalawigan ng Sorsogon. Ang unang pag-aaral ay nakatuon sa iba't ibang uri ng akdang pampanitikang mayroon ang nasabing lugar samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon lamang sa bugtong na binuo ng mga mag-aaral.

Ayon naman sa pag-aaral ni Forteo (2022) tungkol sa mga kwento at kultura ng mga Barangay sa Barcelona, Sorsogon, natuklasan na ang pagiging relihiyoso ng mga mamamayan, pagpapahalaga sa pamilya, nagbabahagi ng pagpapahalaga sa mga katutubong paniniwala, nagpapamalas ng pagmamalasakit sa kalikasan at kapaligiran, nagpapamalas ng kaugaliang taglay tulad ng utang na loob, nagpapakita ng paniniwala sa mitolohiya, paniniwala sa pamahiin, pagdiriwang ng mga pyesta at panliligaw ng binata sa dalaga ay ang kulturang masasalamain sa kuwento ng bawat Barangay pagdating sa pamumuhay, paniniwala at kaugalian o tradisyon. Ayon sa pag-aaral ni Cerillo (2024) natuklasan na ang mga elemento ng kultura na paniniwala, simbolo, pagpapahalaga at norms ay masasalamain sa bawat kuwentong pinagmulan ng pangalan ng mga barangay sa Bacon ayon sa pag-analisa ng datos ng mananaliksik ay ang mga

Ayon naman sa pag-aaral ni Bauca (2024) natuklasan na masasalamain sa mga kuwentong Butanding ang kulturang Donsolanon na may kaugnayan sa pamumuhay, paniniwala at kaugalian. Ang pangingisda ang pangunahing hanapbuhay ng mga mamamayan bago pa man nagkaroon ng karagdagang trabaho sa turismo. Ang paniniwala sa hilot o kumadrona at albularyo noong unang panahon dahil sa walang pang medisina. Ang mga kaugalian mula sa nakalap na datos ay pagmamahal sa pamilya, mapagbigay, pagkakaisa ng mamamayan, pagiging matulungin, masipag at masikap. Natuklasan naman sa pag-aaral ni Buluran (2024) na ang mga idyomatikong ekspresyong nakalap ng tagapagsaliksik ay malinaw na repleksiyon ng kultura at tradisyon ng bayan ng Gubat ng muling nagpapakilala sa mga Gubatnon. Sinasalaming elemento ng mga nakalap ng ekspresyon ay kaugalian, paniniwala, pagpapahalaga at simbolo. Ang mga nabanggit na pag-aaral ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat layunin ng mga naunang pag-aaral na matukoy ang mga sinasalaming kultura ng mga akdang pampanitikang kanilang sinuri. Ang kasalukuyang pag-aaral ay may parehong layunin. Naiba lamang ito sa uri ng akdang inalisa sapagkat ito'y nakatuon sa pagsuri ng sinasalaming kultura sa nabuong bugtong.

Ayon kay Lositaño (2023) natuklasan sa kanyang pag-aaral na Antolohiya ng mga Piling Kwentong -Bayan ng Tiwi bilang kagamitang panturo na napag-uri-uri ang mga sagisag kulturang lumitaw katulad ng paniniwala sa mga hindi pangkaraniwang nilalang, malalim na pananampalataya sa Panginoon sa mga nakatatanda, lokal na palitan ng produkto at wagas na pagmamahalan. Sinasabing nagsisilbing gabay sa pang-aaraw-araw na pamumuhay at repleksyon ng kultura ang mga nasuri. Binigyang punto sa pag-aaral na igalang ang mga paniniwala ng iba dahil ito ay kanilang naging karanasan at upang hindi maglaho ang kulturang kinagisnan. Ang pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat layunin din ng pag-aaral na ito na matukoy ang kulturang Sorsoganong sinasalamin sa nilalaman ng bugtong na nalikom. Nagkaroon lamang ng pagkakaiba sa uri ng akdang sinuri.

Natuklasan naman sa pag-aaral ni Calibara (2019) ang mga pagpapahalagang masasalamain sa katutubong salaysay ng Paracale, Camarines Norte ayon sa batayang Maka-Diyos, makatao, makakalikasan at makabansa. Kasama sa batayang Maka-Diyos ang pakikisangkot sa ispiritwal na gawain, paggalang sa mga paniniwala ng relihiyon ng iba, paggalang sa mga sagradong lugar tulad ng simbahan at pagkakaroon ng takot sa Diyos. Samantala sa Maka-tao, makikita ang pagtitiyaga na makamit ang layunin sa kabila ng mahihirap na kalagayan, pagkukusa na matulungan ang iba at pagkakaroon ng bayanihan. Sa batayang Maka-kalikasan naman ay ang pagmamalasakit sa kapaligiran, pangangalaga sa enerhiya at likas na yaman at ang pagmamalaki sa sariling lugar. At ang huli, ang pagiging makabansa na nakatuon sa pagmamalaki ng kakaibang kaugalian, gawi at tradisyon ng kulturang Pilipino.

Ang nabanggit na pag-aaral ay may pagkakapareho sa kasalukuyang pag-aaral sapakat ito'y nakatuon sa pagsusuri ng mga pagpapahalagang masasalamain sa katutubong salaysay ng Paracale, Camarines Norte.

Samantala, ang kasalukuyang pag-aaral naman ay nakatuon sa pagtukoy at pagsuri ng sinasalaming kultura sa bugtong na nalikom. Ito nama'y may kaibahan sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ang nabanggit na pag-aaral ay nakatuon sa mga salaysay sa Paracale, Camarines Norte samantala ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa pagtukoy at pagsuri ng kulturang Sorsogon na masasalamain sa bugtong.

1.3 Mga Elemento ng Akdang Pampanitikan

Ayon kay Julian (2024) ang tula ay isang anyo ng panitikan na nasusulat sa masining na pamamaraan. Taglay nito ang mga salitang may angking kariktan na nagpapahiwatig ng iba't ibang emosyon o damdamin, karanasan at ideya. Ito ay nagtataglay ng mahahalagang elemento o sangkap upang higit na maging masining ang paglalahad. Ang mga elemento na tinutukoy ay ang mga Persona, Tugma, Sukat, Talinghaga, Tono, Detalye. Ayon kay Julian (2017) noon pa man ay mayaman na sa Panitikang Pilipino ang bansa. May mga akdang pampanitikan na lumaganap sa panahon ng mga katutubo sa iba't ibang panig ng bansa tulad ng karunungan-bayan na tinatawag ding kaalamang-bayan. Ang panitikang ito ay binubuo ng mga salawikain, sawikain, bugtong, palaisipan, kasabihan at bulong. Ayon kay Llaneta (2020) ang karunungan-bayan ay nagsisilbing saligan ng pagkakakilanlan ng isang bansa. Nakatutulong ito upang mapagyaman ang kaisipan at ugali ng isang mamamayan. Kaya marapat lamang na tangkilikin at paunlarin ang mga ito. Samantala, lumabas sa kanyang pag-aaral Llaneta (2020) na may iba't ibang Karunungan-Bayan ang bayan ng Irosin, Sorsogon, una dito ang Bugtong/ patangkudan na may paglalarawan o matalinghagang salitang ginagamit. Ikalawa ang Salawikain/ kawikaan o sarabihon dahil sa mahalagang kaisipan nito na gabay ng mga mamamayan. Ikatlo ang Sawikain/ idyoma na ginagamit ng matatanda sa pangangaral. Ang huli ay ang Bulong o orasyon na ginagamit sa panunukso ng kalaro ng mga bata o magpasintabi sa mga pinaniniwalaang elemento o engkanto.

Ang pag-aaral ni Llaneta ay may malaking kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ito'y pag-aaral din ng bugtong. Pareho ang tinukoy na uri ng panitikan subalit ang ikalawa ay nakatuon lamang sa bugtong. Nagkaiba lamang ang dalawang pag-aaral na ito sa lugar kung saan kinuha ang datos. Ayon sa pag-aaral ni Balidoy (2019) mayroong mga akdang pampanitikan sa lalawigan ng Sorsogon. Natuklasan sa kanyang pag-aaral ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga piling akdang pampanitikan na kanyang natukoy mula sa una at ikalawang Distrito ng lalawigan ng Sorsogon ayon sa paksain, layunin, istilo at nilalaman. At maging ang implikasyon ng mga akdang nakuha niya mula sa lalawigan ng Sorsogon batay sa pananampalataya, paniniwala, kaugalian at tradisyon, pamumuhay at edukasyon ay kanya ring naalam. May pagkakatulad ito sa kasalukuyang pag-aaral dahoil nagnanais itong matukoy ang elemento ng kultura sa bugtong Sorsoganon. Ang pag-aaral na ito ay may pagkakapareho sa kasalukuyan pag-aaral sapagkat ang layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang bugtong bilang isang uri ng akdang pampanitikan batay sa mga elemento ng tula katulad ng sukat, tugma, talinghaga at kariktan. Layon din ng kasalukuyang pag-aaral na masuri ang bugtong ayon sa elemento ng kultura tulad ng paniniwala, pagpapahalaga, norms, simbolo, kaugalian, sining at panitikan. Nagkaiba lang sa uri ng akdang pampanitikang sinuri at kung saan lugar nakatuon ang pag-aaral. Ang una ay nakatuon sa iba-ibang akdang pampanitikan sa mga bayan ng una at ikalawang Distrito ng Sorsogon samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon lamang sa bugtong na binuo ng mga mag-aaral na may temang makikita sa lalawigan ng Sorsogon.

Ayon sa disertasyon ni Roncesvalles (2022) sa kanyang "Panulaang Waray (Siday), katayuan at kalagayan ng kababaihan: Isang pagsipat," natuklasan na sa pamamagitan ng mga imahe na sumisimbolo ng iba't ibang kaisipan, damdamin at pananaw na siyang sinasalamin ng mga parasiday, bilang tagapagsalita ng kanilang komunidad ay natutukoy ang tema. Dagdag pa, ang mga Siday (tula) sa pag-aaral na ito ay kinapapalooban ng 8 na uri ng mga tayutay kasama ang Oksimoron, pag-uulit, pagwawangis, pagtutulad, pagsasatao at pagtawag. Ang disertasyong nabanggit ay may pagkakahawig sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ito'y parehong nakatuon sa panitikang patula. Ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayon ding masuri ang elementong makikita sa bugtong. Ang pagkakaiba lamang sa kasalukuyang pag-aaral ay uri ng tulang pinagtuonan at ang lugar kung saan naganap ang paglikom ng datos.

1.4 Bugtong Sorsoganon

Matatagpuan ang lalawigan ng Sorsogon sa dulong timog na bahagi ng isla ng Luzon na may 600 kilometrong layo mula sa Manila. Ang hilaga nito ay pinapalibutan ng look ng Albay, ang silangan naman nito ay malawak na Karagatang Pasipiko, Burias at Ticao naman sa kanluran. Ang ilan sa mga munisipalidad ng lalawigan ng Sorsogon ay makikita sa kahabaan ng baybaying dagat (Facts about Sorsogon). Sorsoganon ang tawag sa katutubong mamamayan ng Sorsogon. Ang Sorsogon ay mayaman sa magagandang tanawin na patok sa mga dayuhan. Maging sa panitikan ay mayaman ang Sorsoganon, iyan ay pinatunayan ng isang Dyornal na may pamagat na “Sarabihon” Vol. 1. No. 1, 2002 na karamiha’y mga halimbawa ng tulang Sorsoganon. Ayon kay Julian (2024) ang bugtong ay pahulaan o palaisipang may sukat at tugma. Kinakailangang maging matalas ang isipan ng mga taong kasali sa bugtungan sapagkat hindi hayag o nakatago ang kahulugang nito. Ayon kay Lope K. Santos, ang mga bugtong ay nagtataglay ng sukat, tugma, talinghaga at kariktan kung kaya’t maituturing ang bugtong bilang kauna-unahang katutubong tula. Ang bugtong ay may paksang pangkaraniwan na maaaring tungkol sa mga bagay-bagay sa paligid at mga pangyayari sa pang-araw-araw na buhay ng ating mga ninuno.

Ang mga elemento sa pagsulat ng tula ay sukat, tugma, talinghaga na kinabibilangan ng mga tayutay at kariktan (Julian, 2014). Sinang-ayunan naman ito ni Jocson (2014) sa kanyang aklat na tinalakay ang mga elemento ng Ibong Adarna bilang isang tulang pasalaysay na may mga elementong saknong at taludtod, sukat at tugma, Aliw-iw o indayog at tayutay. Ang mga literaturang nabanggit ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat binigyang linaw nito ang mga elemento ng isang tulang pasalaysay. Samantala, ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon naman sa elemento ng bugtong bilang isang uri ng tula. Sinang-ayunan naman ni Arrogante (2004) na ang bugtong ay palaisipan at pahulaan. Isinasagawa ito tuwing may okasyon o anumang pagtitipun-tipon, sa agaran o madaliang paraan. Inilalahad ito ng malarawan, masagisag (masimbolismo), madalumat (imagistic), dili kaya’y sa makatotohanan o realistikong pamaraan, dito ibinabatay ang magiging hula o sagot. Ang mga salitang ginagamit ay karaniwang hango sa pang-araw-araw na pananalita, paggawa at pangyayari upang hindi mahirapan ang humuhula sa sagot. Ang layunin ng bugtong ay pasiglahin ang isip, pukawin ang guni-guni at pasiyahin ang loob ng mga tao habang nagtitipun-tipon.

Samantala, hawig naman ito sa paniniwala ni Casanova (2001) na ang bugtong ay binubuo ng mga parirala o pangungusap na patula at patalinghaga. Iba’t ibang bagay ang iginagawan ng bugtong ng mga ninuno katulad ng mga bagay na nakikita araw-araw sa kanilang kapaligiran, mga bagay na may malaking kaugnayan sa kanilang buhay. Ayon sa KWF diksiyonaryo (2021) ang elemento ay tumutukoy sa isa sa mga bahagi na bumubuo sa isang bagay o pangkat. Ang sukat ay bilang ng pantig sa taludtod, ang tugma nama’y pagkakapareho ng mga tunog ng dalawa o mahigit pang salita lalo na sa katapusan ng mga taludtod ng tula. Samantala, ang talinghaga naman ay pangungusap, parirala o isang salaysay na may malalim o hindi tuwirang katuturan. Ang literaturang nabanggit ay may malaking ambag sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ito ang mga elemento ng tula ang magiging batayan ng mananaliksik sa pagsusuri ng bugtong na ginawa ng mga kalahok.

Ayon naman kay Uriarte, nabanggit sa pag-aaral ni Llaneta (2020), ang karunungan-bayan ay isang sangay ng panitikan na daan upang maipahayag ang kaisipan na napapabilang sa kultura ng bawat tribo. Kasama sa mga uri ng Karunungan-bayan ang Salawikain, Sawikain, Kasabihan, bugtong, palaisipan at bulong. Ito’y nagtataglay ng mga katangiang matayutay, sukat at tugma. Ayon kay Espina (2013) ang bugtong ay karaniwang ginagawang laro noon at pampalipas-oras sa mga tindahan, pondahan, lamayan ng patay at iba pang mga okasyon. Tulad ng salawikain ito’y karaniwang nagtataglay ng dalawang taludturan na may tugma at sukat. Malalim at nagbibigay palaisipan sapagkat di- tuwiran ang paghahalintulad nito sa mga bagay sa kapaligiran. Ang bugtong ay may isa o dalawang taludtod na maikli na may sukat at tugma. Ang bilang ng pantig naman nito ay maaaring apat o hanggang labindalawa ayon naman kay Belvez (2006).

Ayon sa pag-aaral ni Mirabel (2017) natuklasan na ang bayan ng Magallanes ay may iba’t ibang uri ng tula tulad ng tigsik, korido, awit at rawit-dawit. Nagkaroon ng komparatibong pag-aanalisa ng nalikom na datos mula

sa mga tulang naisulat noon at mga tula na naisulat sa panahon ngayon. Dagdag pa, inalam din ng mananaliksik ang pagkakaiba ng mga tulang Magalleño batay sa talinghaga, paksa, tugma, sukat at karikitan. Ang nabanggit na pag-aaral ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sapakat pareho itong naglalayong masuri ang mga elemento ng tula. Ang unang pag-aaral ay naglikom ng mga tula na mayroon sa bayan ng Magallanes, Sorsogon samantala ang ikalawang pag-aaral ay naglayong makalikom ng mga bugtong na susuriin. Nagkakaugnay rin ang dalawang pag-aaral sa layuning masuri ang tula batay sa katangian at elemento katulad ng talinghagang taglay ng tula, paksa, tugma, sukat at karikitan. Naiba lamang ang dalawa ayon sa lugar na pinagtuunan ng pag-aaral, ang nauna ay sa bayan ng Magallanes samantala ang huli ay sa lalawigan ng Sorsogon.

Sa patuloy na pag-inog ng mundo, palasak pa rin ang karunungan-bayang minana pa natin sa ating mga ninuno. Pumasok na ang mga makabagong karunungan-bayan na likha ng mga bagong henerasyon ngayon subalit hindi pa rin naaalis ang katotohanang ang mga bagong karunungan-bayan na uri ng panitikan na mayroon ang bansa ay nakasandig pa rin sa dating paraan ng pagkakabuo at kasasalaman ng kultura at paniniwala ng mga Pilipino. Kaya naman ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa pagsuri ng mga ito tungkol sa elementong sukat, tugma, talinghaga at karikitan maging sa elemento ng kulturang makikita sa bugtong.

Ang mananaliksik ay naniniwala na ang pag-aaral na ito ay may malaking kapakinabangan at makabuluhan sa mga sumusunod. Una sa Edukasyon, ang awtput ng pag-aaral na ito ay magsisilbing lunsaran sa pagtalakay ng aralin. Mahalaga ito sa pagtuturo sapagkat ang Karunungan-bayan ay isa sa mga aralin sa Filipino 8. Mas maipapaunawa sa mag-aaral ng kanilang guro ang paksang Karunungan-bayan partikular sa bugtong lalo na kung gagamit ng mga kontekstwalisadong halimbawa. Dagdag pa, mas makikilala ng mga mag-aaral ang kulturang kinagisnan. Ikalawa sa Tagapamanihala, ang pag-aaral na ito ay maaaring makatulong sa pagbuo ng mga modyul para sa mga mag-aaral. Ito rin ay maaaring gabay sa pagbuo ng mga kontekstwalisadong lunsaran sa pagtuturo ng panitikan. Ikatlo ay ang Tagagawa ng Polisiya, maaari rin itong maging batayan sa pagbuo ng polisiya na may kinalaman sa pagpapanatili at pagpapayaman ng panitikan at kultura ng bansa. Ikaapat, maaaring makinabang ng resulta ng pag-aaral ang komunidad, mas makikilala ng mga tao ang kultura na mayroon ang isang lugar mula sa mga nalikom na bugtong. Mas mapapahalagahan at mapananatili ang mga nalikom na ito na makatutulong sa pagpapakilala ng bansa sa ibang lahi. Magiging daan rin ang pag-aaral na ito sa pagpapanatili ng panitikang panrehiyon at pagpapayaman ng panitikang Pilipino. Ikalima ay ang Lokal na Pamahalaan, ang pag-aaral na ito ay maghahatid ng kaalaman sa mga namumuno sa lokal na pamahalaan na bigyang-tuon at laanan ng pondo ang mga proyektong may layuning panatilihin at pagyamanin ang mga akdang pampanitikang mayroon ang partikular na lugar. Mga kalipunan ng mga akdang pampanitikan na maaaring mailagay sa silid-aklatan ng lungsod o maging sa museo. At ang huli ay ang mananaliksik, ang pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay sa mga susunod pang mananaliksik na nakatuon sa pag-aaral ng mga katutubong panitikan o kahit ang mga pag-aaral tungkol sa kultura na masasalamain sa mga akdang pampanitikan na mayroon ang isang lugar. Ang natuklasan sa pag-aaral na ito ay maaaring karagdagang literatura para sa kanilang binubuong pananaliksik.

Layunin - Natiyak sa pag-aaral na ito na masuri ang bugtong Sorsoganon. Ang mga sumusunod ay sinagot ng pag-aaral na ito: 1) Masuri ang mga bugtong ayon sa a) sukat b) tugma c) talinghaga d) karikitan. 2) Malaman ang masasalamang elemento ng kultura sa bugtong at 3) matukoy ang mungkahing gawain batay sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral.

2. Metodolohiya

Disenyo ng Pag-aaral - Nasuri sa pag-aaral na ito ang mga bugtong Sorsoganon gamit ang mga elementong sukat, tugma, karikitan at talinghaga na ayon kay Lope K. Santos (Julian, 2014). Nalaman ang kulturang masasalamain sa nabuong bugtong ng mga mag-aaral sa baitang 8 ng Celestino G. Tabuena Memorial National High School taong panuruan 2024-2025. Diskriptib- analisis ang ginamit na disenyo ng pag-aaral na ito. Sinuri ng mananaliksik ang mga nabuong bugtong batay sa pamantayang binigay maging ang sinasalamang elemento ng kultura sa mga ito. Ang deskriptib analisis ay isang pagsusuri ng datos sa pamamagitan ng paglalarawan,

pagpapakita at pagbuod ng punto ng datos sa makabuluhang paraan na maaaring magpalitaw ng pattern mula sa datos (Rawat, 2021). Ang mga nalikom na datos mula sa mga kalahok ay susuriin ayon sa ibinigay na pamantayan at binigyan ng interpretasyon ng mananaliksik.

Kalahok - Ang tumugon at nagbigay ng impormasyon na pumuno sa pangangailangan ng pananaliksik na ito ay mula sa 5 seksyon ng Baitang 8 ng Celestino G. Tabuena Memorial National High School taong panuruan 2024-2025 na may kabuuang 106 na kalahok na nakabuo ng 154 na bugtong na sinuri ng mananaliksik. 154 na bugtong ang nabuo mula sa 106 na kalahok sapagkat may ilang mga kalahok na nakabuo ng higit sa isang bugtong na pasok sa pamantayang ibinatay sa ideya ni Julian (2014). Ang nasulat na bugtong ay mahusay at orihinal, nagamit ang mga kumbensiyon sa pagsulat ng bugtong tulad ng sukat, tugma, talinghaga at karikitan at napatunayan na ang kulturang nakapaloob sa bugtong ay masasalamain sa kultura ng isang lugar. Purposive sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagpili ng kalahok. Ayon kay Nikolopoulou (2023) ang purposive sampling ay ang teknik na kung saan pinipili ang yunit na mayroong katangiang kinakailangan sa pag-aaral. Sa madaling salita, ang mga kalahok ay pinili nang may layunin.

Etika ng Pag-aaral - Ang pananaliksik na ito ay tumugon sa etika na konsiderasyon. Sinimulan ang paglikom ng datos sa pagpapadala ng sulat sa Tagapamanihala ng Pampaaralan sa Dibisyon ng Lungsod Sorsogon at maging sa punong-guro ng CGTMNHS. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binigyan ng Informed Consent Form. Nagpakilala at naglahad ng detalye ang mananaliksik sa mga kalahok ng gagawing paglikom ng datos. Ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin at kung ano ang gagawin. Ito naman ay malinaw at kusang ginawa ng mga kalahok. Hindi pinilit ng mananaliksik ang mga kalahok para tumalima sa gawaing ito. Naging sensitibo at walang nangyayaring pananakit sa kalahok maging ito'y emosyonal, pisikal o sikolohikal na pananakit. Pantay-pantay ang naging trato sa bawat kalahok at naging tapat ang mananaliksik sa mga ito. Ang pag-aaral na ring ito ay sumunod sa Republic Act 10173 o ang Data Privacy Act of 2012 na naglalayong mabigyang diin ang kahalagahan ng pahintulot, proteksyon ng datos at karapatan ng bawat isang kalahok. Ang mga detalyeng ibinigay ng mga kalahok ay nananatiling nakatago at gagamitin lamang sa pananaliksik na ito bilang tugon sa konsiderasyong etikal. Ayon kay Bhandari (2021) mahalagang bigyan ng pansin ang konsiderasyong etikal upang mapangalagaan ang karapatan ng kalahok, matiyak na balido ang datos at mapanatili ang integridad ng pananaliksik.

Instrumento - Sa paglikom ng datos na ginamit sa pananaliksik na ito, isang gawaing papel ang ibinigay sa mga kalahok. Ang gawaing papel ang pinakainstrumento ng pananaliksik na ito. Upang maayos na mabuo ang gawain, inalam ng mananaliksik ang layunin at konsepto ng pag-aaral na ito. Nagkaroon ng pagbalangkas ng mga maaaring ilagay sa gawaing papel. Nilikom at binigyang konsiderasyon naman ang mga iminungkahing pagbabago at rekomendasyon sa gawaing papel mula sa mga panel. Ito ay upang malinaw, maayos at buo ang diwa ng bawat gawain na inilagay sa gawaing papel. Makikita sa gawaing papel ang pangalan, baitang at seksyon at paaralan. Ang gawaing papel na ito ay naglalaman ng 10 salita na may kaugnayan sa Lalawigan ng Sorsogon na gagawan ng sariling bugtong katulad ng Pili, Lawlaw, Baluko, Mount Cabanbanan, Sorsogon City Rompeolas, Kasanggayahan Festival, Sorsogon Sports Arena, Museo Sorsogon, Pantomina sa Tinampo at Butanding sa Donsol, Sorsogon. Sa likurang bahagi naman ng gawaing papel ay makikita ang pamantayang ginamit sa pagpili ng bugtong na ibinatay sa ideya ni Julian (2014). Ang pamantayan ay ang sumusunod: 1) nakasulat nang maaos at orihinal na bugtong gamit ang sariling wika. 2) Nagamit ang mga kumbensiyon sa pagsulat ng bugtong tulad ng sukat (5-12 pantig), tugma, talinghaga tulad ng tayutay at karikitan. 3) Napatunayan ang kulturang nakapaloob sa bugtong ay sadyang sumasalamain sa kultura ng isang lugar. Ang bugtong ay bibigyan ng iskor na 5- napakahusay, 4- mahusay, 3- katamtaman, 2- di- mahusay at 1- maraming kakulangan.

Paraan ng Paglikom ng Datos - Narito ang mga pamamaraang ginawa ng mananaliksik sa paglikom ng mga kinakailangang datos para maisakatuparan ang pag-aaral na ito. Bago sinimulan ang paglikom ng datos, nakipag-ugnayan muna ang mananaliksik sa Pandibisyong Tagapamanihala ng Lungsod ng Sorsogon at sa Punong-guro ng CGTMNHS. Sinimulan ang paglikom ng datos sa pamamagitan ng pagpakilala ng mananaliksik sa kanyang mga kalahok. Inilatag ang mga dahilan at layunin ng paglikom ng datos. Naghanda ang mananaliksik

ng Informed Consent Form at tiniyak ng mananaliksik sa mga kalahok na ang mga nakalap na impormasyon ay mananatiling pribado at kompidensyal batay sa Republic Act 10173 o ang Data Privacy Act of 2012 na naglalayong mabigyang diin ang kahalagahan ng pahintulot, proteksyon ng datos at mga karapatan ng bawat isa. Nagkaroon muna ng pagbabalik-aral ang mananaliksik sa kung ano ang bugtong, ano ang mga katangian at elemento nito at kung paano ang pagbuo. Nagkaroon din ng talakayan tungkol sa 10 salitang gagawan ng bugtong para sa lubusang pagkakakilala ng mga kalahok sa mga ito. Naglaan ng ilang minuto ang mananaliksik para sa paglilinaw, mga katanungan at karagdagang impormasyon mula sa mga kalahok.

Ito'y sinimulan noong Nobyembre 26, 2024 sa apat na seksyon ng baitang 8 ng Celestino G. Tabuena Memorial National High School taong panuruan 2024-2025. Naunang inilahad ang gawain sa baitang 8- Mapagmahal. Nagpakilala ang mananaliksik sa mga kalahok at ipinaliwanag ang layunin ng pag-aaral na. Matapos, nagkaroon din ng pagpapaliwanag tungkol sa informed consent form, saka ito ipinamahagi. Hiningi ang personal na datos ng mga kalahok katulad ng pangalan, baitang at seksyon at ang pangalan ng paaralan. At pagkatapos, inilatag ng mananaliksik sa kalahok ang kanilang gawain na kung saan bubuo sila ng bugtong at sasagutan ang mga katanungan mula sa gawain ibinigay ng mananaliksik. Matapos ang 50 minuto, sumunod ang baitang 8- Matulungin. Sa Muli, nagpakilala ang mananaliksik sa mga kalahok ng pag-aaral na ito. Inilahad ng mananaliksik ang layunin ng gawain at ang informed consent form. Matapos, binigyan ng kopya ng mananaliksik ng informed consent form ang bawat kalahok. Ipinaliwanag ang magiging gawain ng mga kalahok matapos ipamahagi ang gawain. Matapos ang 50 minuto, sumunod na pinuntahan ng mananaliksik ang baitang 8- maaasahan. Nagpakilala ang mananaliksik sa mga kalahok at ipinaliwanag ang layunin ng pag-aaral. Inilahad ng mananaliksik kung ano ang informed consent form at kung paano ito pupunuan. Matapos, ibinigay ng mananaliksik sa bawat kalahok ang kopya ng gawain at ipinaliwanag ang magiging gawain sa araw na iyon na kung saan sila ay bubuo ng sarili nilang bugtong at sasagot ng ilang katanungan na makikita sa gawaing ibinigay. Matapos ang 50 minuto, huling seksyon na pinuntahan ng mananaliksik ay ang Magalang baitang 8. Nagpakilala ang mananaliksik sa mga kalahok, ipinaliwanag ang layunin ng pag-aaral na ito. Ipinamahagi sa bawat kalahok ang informed consent form, ipinaliwanag kung ano ito at kung paano pupunuan. Matapos kinolekta ito at ipinamahagi naman ang kopya ng gawain. Ipinaliwanag ng mananaliksik kung ano ang gagawin na kung saan bubuo sila ng sariling bugtong at sasagutan ang ilan pang katanungan na makikita sa gawaing papel. Sumunod na araw ay ipinagpatuloy pa rin ang pagbuo ng bugtong hanggang ika-2 ng Enero taong 2025. Mayroong mga araw na pansamantalang itinitigil ang pagsasagawa ng gawain dahil sa mga kadahilangang nagbigay-daan sa ikalawang markahang pagsusulit, mga araw na walang pasok at iba pang gawain.

Paraan ng Pagsuri ng Datos - Ang mga nalikom na datos patungkol sa pag-aaral na ito ay inalis, sinuri at binigyang interpretasyon ng mananaliksik. Ang pamamaraang ito ay isinagawa upang madaling makalap ng mananaliksik ang kinalabasan ng pag-aaral na ito. Itinala ang mga Bugtong na ginawa ng mga kalahok batay sa resulta ng pangangalap ng datos. Gumamit ng content analisis sa pagsusuri ng bugtong batay sa sukat, tugma, talinghaga at karikitan. Gumamit din ng content analisis sa pagtukoy ng masasalaming elemento ng kultura mula sa bugtong na nabuo batay kay Atienza (2018). Ang ilan sa mga elemento ng kulturang ito ay ang mga sumusunod: pagpapahalaga, simbolo, kaugalian, paniniwala at Sining at panitikan.

3. Resulta

Sa bahaging ito inilahad ang mga bugtong na nakalap mula sa mga kalahok ng pag-aaral na ito. Inilahad ang mga sagot sa katanungan ng pag-aaral na ito katulad ng sumusunod: masuri ang mga bugtong batay sa sukat, tugma, talinghaga at karikitan. Malaman ang elemento ng kulturang masasalamin sa bugtong at makabuo ng awtput mula sa isinagawang pag-aaral.

3.1 Ang pagsusuri ang bugtong batay sa sukat, tugma, talinghaga at karikitan

Ang panitikang Pilipino ay bunga ng malikhaing isipan ng mga Pilipino. Magaling maglaro ng mga salita na mayroong pahiwatig. Mayaman sa ideya at matalas ang isipan na nagiging rason upang manatiling buhay ang

bugtong. Ayon kay Julian (2024) ang bugtong ay isang pahulaan o palaisipang may sukat, tugma. Ayon kay Lope K. Santos (Julian, 2014), ang bugtong ay maituturing na kauna-unahang katutubong tula sapagkat ito ay nagtataglay ng sukat, tugma, talinghaga at karikitan. Ang bugtong ay paglalarawan ng bagay na kinakailangang hulaan.

Sukat. Ayon kay Lope K. Santos (Julian, 2014) isa sa elemento ng tula ay ang sukat. Ayon kay Belvez (2006), ang sukat ay tumutukoy sa bilang ng pantig sa bawat taludtod. Karaniwang ginagamit ay labindalawa, labing-anim at labingwalong pantig. Ang sukat na lalabindalawahing pantig ay nagkakaroon ng tinatawag na hati o cesura sa bawat ikaanim na pantig samantalang ang labing-animing pantig ay hinahati sa ikawalong pantig. Ang nabanggit na cesura ay isang bahagyang pagtigil sa pagbasa o pagbigkas na hinihingi ng diwa sa isang taludtod.

Mula sa 154 na bugtong, 128 ang may sukat na lalabindalawahin at 78 sa mga ito ay may cesura sa bawat ikaanim na pantig. Narito ang halimbawang bugtong na may sukat na lalabingdalawahin at may cesura sa ikaanim na pantig na binuo ni kalahok 21 Kate Angel J. Abar.

Maitom an panit

Laman bagan langit

Maitim ang kutis

Laman parang langit

Ang bugtong ay nangangahulugang ang isang bagay na tinutukoy ay kulay itim ang balat at ang loob naman ay inihambing sa kulay ng langit na kung saan ito'y kulay puti. Kung susuriin ang sukat ng halimbawang bugtong, ang unang taludtod ay may anim na sukat maging ang ikawala. Ito ay may cesura sa ikaanim na pantig sapagkat may bahagyang pagtigil sa pagbigkas ng bugtong. Mayroon din 2 bugtong na may sukat na lalabing-apat na at may cesura sa ikapitong pantig. Implikasyon ito na ang bugtong ay may masining na estilo. Ang bugtong na mayroong sukat ay mas nagiging kaakit-akit pakinggan, madulas bigkasin at madaling tandaan. Samantala, mayroon namang 24 na bugtong na walang sukat. Walang sukat sapagkat hindi nakitaan ng cesura sa bawat taludtod ng bugtong. Ang mga bugtong na may bilang ng pantig na 10, 11, 13 at 17 ay kabilang sa mga bugtong na walang sukat sapagkat hindi ito nakitaan ng cesura. Mula sa 24 na bugtong na walang sukat, 1 sa mga ito ay may sukat na 10 pantig, 8 sa mga ito ay may sukat na 11 pantig, 9 na bugtong na may 13 pantig, 2 bugtong na may 14 na pantig, 3 bugtong na may 16 na pantig at 1 bugtong na may 17 pantig. Narito ang halimbawa ng walang sukat na bugtong na binuo ni kalahok 94 Cristalyn B. Jeniebre

Lain patron, lain Diyos

Swerte sa gabos

Hindi patron, hindi Diyos

Biyayang lubos

Ang bugtong na ito ay nangangahulugang labis-labis ang binibigay na biyaya sa mga mamamayan kahit ito ma'y hindi Patron at hindi Diyos. Kung susuriin, ang bugtong sa unang taludtod ay may sukat na 8 pantig at ang ikalawang taludtod ay may sukat na 5 pantig na sa kabuoan ay 13 pantig. Napabilang ito sa walang sukat sapagkat walang cesura at hindi pasok sa ginamit na pamantayan ng pag-aaral na ito subalit maituturing pa rin ang mga ito bilang halimbawa ng bugtong sapagkat taglay pa rin ang katangian ng isang bugtong. Ang implikasyon nito'y may mga bugtong na kahit walang sukat basta't limitado ang paggamit ng mga salita ay naipapakita pa rin ang katangian ng isang bugtong at pagiging malikhain. Mula sa mga nalikom na bugtong, mas marami ang bugtong na may sukat kumpara sa walang sukat. Ayon kay Edgar Allan Poe mula sa aklat ni Dones (2009) ang tula ay isang ritmikong paglikha ng kagandahan. Nakadaragdag ng rikit at nakalilikha ng magandang sining sa pagbuo ng bugtong ang pagsasaalang-alang ng bilang ng pantig.

Tugma. Isa pang elemento ng tula ayon kay Lope K. Santos (Julian, 2014) ay ang tugma. Ito ay tumutukoy

sa pag-iisang tunog ng huling pantig ng huling salita sa bawat taludtod sa isang taludturan. Ang huling pantig ng salita ng mga taludtod ay magkakasintunog. Ito ay ayon sa bilang ng taludtod at ayos ng pagkakatugma-tugma (Belvez, 2006). Ayon kay Julian (2014) ang tugma ay isang mahalagang elemento nagpapakikit at nagpapaganda sa pamamagitan ng pagkakapareho o pagkakasintunog ng dulumpantig. Mayroong dalawang uri ng tugma. Ang una ay ang tugmang ganap, ito ay ang magkakaparehong tunog ang huling pantig o dulumpantig ng bawat taludtod ng tula. Ang ikalawang uri naman ay tinatawag na tugmang di- ganap, ito ay ang pagkakapareho ng patinig sa huling pantig subalit nagkakaiba ang huling katinig sa bawat taludtod ng tula. Ayon kay Belvez (2006) may mga lipon ng mga katinig na magkakatunog. Ang katinig na b, k, d, g, p, s, at t ay ang unang lipon. Samantala, ang ikalawang lipon ay ang mga katinig na l, m, n, ng, r, w, at y. Mula sa bugtong na nalikom, 106 sa mga ito ay nasa tugmang ganap. Narito ang halimbawa ng bugtong na may tugmang ganap na binuo ni kalahok blg. 33 Rhea Paula J. Mirandilla

Sing-itom san grasa

Mata puro muta

Sing itim ng grasa

Mata'y halos muta

Ang bugtong ay nangangahulugang kasing-itim ng grasa ang tinutukoy na bagay ng bugtong at ang mata nito'y halos muta. Kung susuriin ang bugtong, ang dulong salita sa unang taludtod ay *grasa* at ang dulumpantig ay *sa*. Samantala, ang ikalawang taludtod naman ay may dulong salita na *muta* na ang dulumpantig ay *ta*. Ang *sa* at *ta* ay magkapareho ng tunog kung kaya't ang halimbawang bugtong na ito ay napapabilang sa tugmang ganap. Samantala, mayroon namang mga bugtong na ang dulong pantig ng dulong salita ay magkaiba ng katinig subalit magkatunog pa rin. Iyan ang tinatawag na tugmang di-ganap. Mayroong 26 na bugtong ang napabilang sa tugmang di- ganap. Narito ang halimbawa na bugtong ni kalahok blg. 176 Erlaine Jane D. Jamisal na may tugmang di-ganap.

Bugas na maitom

Sa pier dakulaon

Bigas na maitim

May malaki sa pier

Ang bugtong ay nangangahulugang tahasang inihambing ang bagay na tinutukoy ng bugtong sa butil ng bigas at makakakita nito nang malaki sa pier ng Sorsogon. Kung titingnan ang bugtong, ang dulong salita sa unang taludtod ay *maitom* na may huling katinig na *m* at sa ikalawang taludtod naman ay *dakulaon* na may huling katinig na *n*. Gamit ang patinig na *o* na sinundan ng *m* at *n* ay magkakasintunog kung kaya't ito ay napapabilang sa tugmang di- ganap. Mayroon namang 22 bugtong na napabilang sa walang tugma. Ang pangkat na ito ay hindi nakitaan ng pagkakapareho ng tunog. Narito ang isang halimbawa ng bugtong na binuo ni kalahok blg. 81 Luigie L. Jaso na walang tugma.

Sarayaw sa dalan

Magayon kitaon

Sayawan sa daan

Magandang pagmasdan

Ang bugtong na ito ay nangangahulugang ang sayawan sa daan na tinatawag na Pantomina sa Tinampo ay magandang panoorin. Ang bugtong sa unang taludtod ay may dulong salita na *dalan* at sa ikalawang taludtod ay *kitaon*. Ang dulong pantig sa unang taludtod na *lan* at sa ikalawang taludtod na *on* ay hindi magkatunog, kung kaya't ito ay walang tugma. Ang implikasyon nito'y may mga bugtong na may tugmang ganap, tugmang di-ganap at walang tugma subalit maituturing pa ring bugtong dahil sa ilang elemento ng bugtong na taglay nito. Umabot ng 128 bugtong ang mayroong tugma, ang mga ito ay nagbigay ng mas katangi-tanging melodiya na

nagpaganda sa uri ng panitikang ito. Dahil sa melodiyang nabubuo ng bugtong mula sa pagkakapareho ng tunog ay nagiging kaakit-akit itong pakinggan at nakakaangat ng interes na matutuhan. Ito ay ilan sa mga rason kung kaya't naengganyong pag-aralan at bigyang- halaga ang uri ng panitikang ito. Ayon kay Marcos (2009) ang tula ay isang uri ng musika ng mga salita na may kanya-kanyang himig, Ang bawat salitang ginagamit sa tula na magkakatatunog ay musika sa pandinig ng mga tao sapagkat mayroon itong elemento ng tula.

Talinghaga. Ayon kay Lope K. Santos nabanggit sa aklat ni Julian (2014), isa pang elemento ng bugtong ay ang talinghaga. Ang bugtong na nalikom ay nagtataglay ng mga talinghaga. Ayon kay Julian (2014) ang talinghaga ay ang paggamit ng mga salita o pahayag na nagbibigay ng higit na karikitan sa tula. Ang tayutay ay ang karaniwang ginagamit na paraan para ibigay ang talingaha sa tula. Mula sa mga bugtong na nalikom, pagpapalit-tawag bilang uri ng tayutay ang may pinakamaraming nagamit na umabot ng 78 bugtong. Ang pagpapalit-tawag ayon kay Dones (2009) ay ang pagpapalit ng katawagan na may koneksyon sa salitang nais tukuyin. Narito ang halimbawa ng bugtong na kakikitaan ng pagpapalit-tawag na binuo ni kalahok blg. 95 Sophia Nicole Jerao.

Pagbukas san pinto,

Aram na an kwento.

Pagbukas ng pinto,

Alam na ang kwento.

Ang ibig sabihin ng bugtong ay malalaman mo ang buong istorya ng tinutukoy ng bugtong sa pagbukas mo ng pinto. Ito ay tumutukoy sa Museo Sorsogon kung saan nakalagak ang mga bagay na may kaugnayan sa istorya ng lalawigan ng Sorsogon. Ang nais tukuyin ng salitang kwento sa bugtong na ito ay ang istorya ng Sorsogon na makikita sa Museo Sorsogon. Pinalitan ng salitang kwento ang nais bigyang-punto—ang istorya.

Samantala, mayroon namang 41 na bugtong na mayroong tayutay na asonans. Ang asonans ayon kay Balunsay (2016) ay ang pag-uulit ng mga patinig sa mga salita sa loob ng pahayag. Sa isang pahayag, makailang inulit ang parehong patinig. Narito ang halimbawa ng bugtong na may pag-uulit na patinig sa mga taludtod na binuo ni kalahok blg. 100 Jennylyn O. Lascano

Sarong okasyon,

Damo ang naogmahon.

'sang pagdiriwang,

Maraming nasiyahan.

Ang bugtong ay nangangahulugang marami ang natuwa at nagalak sa isang pagdiriwang. Ang bugtong na ito ay tumutukoy sa Kasanggayahang Festival na ipinadiriwang ng mga Sorsoganon tuwing buwan ng Oktobre. Kung susuriin ang bugtong batay sa nagamit na salita, asonans itong maituturing dahil sa paulit-ulit na pagkakagamit ng patinig na *o*.

Mayroon namang 13 bugtong na gumamit ng tayutay na pagmamalabis. Ang pagmamalabis ayon kay Dones (2009) ay ang paggamit ng mga eksaheradong salita. Ang mga ginagamit na salita sa tayutay na ito ay nagpapakita ng kalabisan. Narito ang halimbawa ng bugtong na nagpapakita ng kalabisan na binuo ni kalahok blg. 77 Joseph C. Gabion

Bulod sa may ranggas,

Milyon an nahinlas.

Bundok sa may ranggas,

Milyon ang nadulas.

Ang bugtong na ito ay nangangahulugang milyon ang bilang ng mga taong nadulas sa pag akyat ng bundok ng

Ranggas na makikita sa Guinlajon, Sorsogon City. Gumamit ng salitang milyon para ipakita ang kalabisan na marami ang nadulas sa mga umakyat sa bundok na dinarayo.

Samantala, may 10 bugtong naman na gumamit ng tayutay na pagtutulad. Ang pagtutulad ayon kay Dones (2009) ay paggamit ng mga salitang gaya, katulad, parang, sing-, sim- at iba pa sa paghahambing ng dalawang bagay. Narito naman ang bugtong na mayroong tayutay na pagtutulad na sinulat ni kalahok blg. 128 Cristal Mae B. Jasareno

Baga ining plasa,

Iba-ibang tinda.

Ito'y parang plasa,

Iba't ibang tinda.

Ang ibig sabihin ng bugtong ay inihambing ang tinutukoy na lugar na makikita sa Sorsogon sa isang plasa gamit ang salitang *bagan* na may salin sa Wikang Filipino na *parang*. Ito'y pagtutulad sapagkat gumamit ng salitang *bagan* o parang para paghambing ang tinutukoy na lugar at plasa.

Mula pa rin sa nalikom na bugtong, 7 sa mga ito ay gumamit ng tayutay na paradox. Ang paradox ayon kay Dones (2009) ay ang paggamit ng magkasalungat na salita subalit may mas malalim na nais ipakahulugan. Narito ang isa sa mga bugtong na kakikitaan ng tayutay na paradox na binuo ni kalahok blg. 36 Emerald A. Socito

Matugas an panit,

Lumay sa mainit.

Matigas ang balat,

Lambot sa mainit.

Ang bugtong ay nangangahulugang ang isang bagay na tinutukoy ay may matigas na katangian subalit lumalambot sa init. Ang bugtong ay nagpapakita ng pagkakasalungat kung kaya't ito ay napapabilang sa tayutay na paradox.

Mayroong naman 3 bugtong na napapabilang sa tayutay na onomatopeya. Ang onomatopeya ayon pa rin kay Dones (2009) ay ang paggamit ng mga salita mula sa mga natural na tunog. Narito ang isa sa mga halimbawa na nagpapakita ng onomatopeya bilang tayutay na ginamit sa bugtong ni kalahok blg. 26 Wendy M. Duran

Nagkukururag-it,

Labanan san batit.

Mga naghiyawan,

Batang naglabanan.

Ang ibig sabihin ng bugtong ay sa lugar na tinutukoy nitong bugtong ay naghihiyawan ang mga tao tuwing may labanan na nangyayari, madalas ay mga pampalakasang tunggalian ang makikita rito. Ito ay napapabilang sa tayutay na onomatopeya dahil sa ginamit na salitang *nagkukururag-it* na may salin sa Wikang Filipino na *naghiyawan* na nagpapahiwatig ng tunog mula sa mga taong nagsisigawan.

Samantala, mayroon naman 2 bugtong na kakikitaan ng tayutay na antitesis. Ayon kay Dones (2009) ang antitesis ay ang paggamit ng dalawang ideya na magkasalungat sa isang pahayag. Narito ang halimbawang bugtong na kabilang sa tayutay na ito na sinulat ni kalahok blg. 161 Gracelyn Mae H. Desacada

Mahal, magbarato,

Sira san intiro.

Mahal man o mura,

Ulam na pangmasa.

Ito ay nangangahulugang kahit mahal o mura ang presyo ng pang-ulam na ito ay bibilhin at iulam pa rin ng mga tao. Ito'y kabilang sa tayutay na antitesis sapagkat gumamit ang kalahok ng dalawang magkasalungat na salita upang bigyang-tuon ng mambabasa ang pagkakasalungat ng dalawang salita. Ang lahat ng bugtong na nalikom ay mayroong tayutay na ginamit kung kaya't malalim at makulay ang mga ito. Mas nagiging masalimuot at mahirap ang pagsagot ng mga bugtong dahil sa tayutay na ginamit. Pinapalakas nito ang kakayahan ng mga tao na lutasin ang mga malalalim at nakatago nitong kahulugan. Ayon kay Belvez (2006) magandang basahin ang tulang di-tiyakang tumutukoy sa bagay na binabanggit. Ang talinghaga ay isang elemento ng tula na tumutukoy sa natatagong kahulugan ng tula.

Kariktan. Ang huling elemento na mayroon ang bugtong ay kariktan ayon kay Lopr K. Santos na nabanggit sa aklat ni Julian (2014). Ayon kay Belvez (2006) ang tula ay kailangan nagtataglay ng maririkit na salita upang maakit ang mambabasa, gayon din, mapukaw ang damdamin at kawilihan. Ang lahat ng bugtong na nalikom ay may sining o kariktan sapagkat ito'y gumamit ng mga piling-pili, angkop at maririkit na salita. Ang mga salitang ginamit sa bugtong ay maririkit na nakapukaw ng interes ng mga mambabasa. Ito'y nagpapahiwatig na ang tula ay hindi lamang nakapokus sa istruktura at mensahe bagkus pati na rin sa sining sa pamamagitan ng mga salita na nagbubunga ng mas mataas na halaga na nakaaapekto nang matindi sa damdamin ng mambabasa. Ayon kay Marcos (2009) ang tula ay pinagsama-samang ideya. Ito ay higit pa kaysa sa karaniwang wika sa isang espesyal na paraan. Ang mga makata ay pumipili ng mga salita ayon sa kahulugang nais ipabatid ngunit maayos nilang pinipili ang mga salita batay sa tunog at sa imaheng nililikha nito.

3.2 Pagsusuri ng Elemento ng Kultura

Ang pagsusuri ng kulturang masasalamain sa tula ay hindi madali. Ayon kay Ada at Marbella (2024) lumabas sa pag-aaral na isa sa mga kahirapang nararanasan ng mga mag-aaral sa Lawaan National High School ay ang pagsusuri ng kulturang nakapaloob sa isang tula kung kaya't nairekomenda ng pag-aaral na ito na mas lalong mauunaaan ng mga mag-aaral ang pagsusuri ng tula kung magpapatulong sa mga gurong nagtuturo. Sa pagsusuri, ang gabay ng mga taong mas nakakaalam ay mahalaga para sa lubusang pagkaunawa. Mahalagang mabigyang-pansin ang pag-alam ng kulturang sinasalamain ng akda para sa makilala at maunawaan ng lubusan ang pagkakakilanlan ng isang lugar.

Pagpapahalaga. Ang pagpapahalaga ay isang elemento ng kultura ayon kay Atienza (2018). Ang pagpapahalaga ay isa sa mga elemento ng kultura na tumutukoy sa batayan ng isang grupo o ng lipunan sa kabuoan kung ano ang katanggap-tanggap at kung ano ang hindi katanggap-tanggap, kung ano ang tama at mali, kung ano ang mganda at kung ano ang nararapat at hindi nararapat ayon kay Mooney (2011). Mula sa 154 na bugtong, 73 sa mga ito ay kasasalamainan ng pagpapahalaga. Nakitaan ng pagpapahalaga sa mga bugtong na may kaugnayan sa mga bagay na ipinakikilala ang pagiging Sorsoganon, mga tanawin na makikita sa Sorsogon at mga pagdiriwang na mayroon ang lugar. Narito ang halimbawa ng bugtong na kakikitaan ng pagpapahalaga na binuo ni kalahok blg. 96 Jewell Ann Mae M. Labayo

Luma na istorya,

Bag-o an bisita.

Luma nang istorya,

Bago ang bisita.

Ang bugtong ay nangangahulugang matagal nang mga kwento subalit binibisita at inaalam pa rin ng mga kabataan ngayon o ang bagong henerasyon. Malaki ang pagpapahalagang ibinibigay ng mga kabataan ngayon sa pag-alam ng kultura na kanilang kinabibilangan. Ang pagbisita sa mga Museo kung saan nakalagak ang mga bagay at kwento ng kanilang lugar ay nagpapakita ng pagpapahalaga. Dagdag pa, ito'y napapabilang sa

pagpapahalaga sapagkat interesado ang mga makabagong henerasyon sa kwentong mayroon ang lalawigan ng Sorsogon. Ipinapakita ng bugtong na binibigyang halaga nila ang kanilang pinagmulan at ang mga bagay na mahalaga sa kanilang pagkatao na daan upang makilala at mapaunlad nang lubusan ang kanilang mga sarili. Implikasyon ito na nagagamit ang bugtong upang ipakita ang kalagayan ng tao sa mga nakalipas na taon. Nagagamit ang bugtong sa pagpapalalim sa kanilang kaalaman tungkol sa kanilang kasaysayan para lubusang maipaliwanag kung ano at sino sila ngayon. Ayon kay Anglia (2020) ang mga akda ay humuhubog sa kung paano mag-isip ang isang tao tungkol sa kalagayan ng bansa. Ang pagbibigay pahintulot sa bata na matutuhan ang kanyang kasaysayan at pagkakakilanlan ng lugar na kanyang kinabibilangan ay paraan upang mapadali ang kaniyang paglago bilang isang indibidwal.

Simbolo. Isang elemento ng kultura ay ang simbolo ayon kay Atienza (2018). Ayon kay White (1949) ang paglalapat ng kahulugan sa isang bagay ng mga taong gumagamit nito ay tinatawag na simbolo. Walang matatawag na komunikasyon at wala ring matatawag na interaksyon sa pagitan ng mga tao sa lipunan kung walang simbolo. Sa pamamagitan ng simbolo, lubos na nakikilala ang kultura ng isang lugar na nagiging dahilan upang maunawaan ang kanilang pamumuhay. Narito ang bugtong na kasasalaman ng kulturang simbolo na binuo ni kalahok blg. 125 Chelsea D. Diesta

Sirang masiram

Sikatunon sa Pilar

Isdang masarap

Sa Pilar sobrang sikat

Ang bugtong ay nangangahulugang ang isdang tinutukoy ay masarap at sikat sa Pilar. Ang bugtong ay ayon sa malikhaing pag-iisip ng kalahok. Ang bugtong ay sumisimbolo ng pagkaing nakukuha at kinakain ng mga mamamayan sa Sorsogon. Ito rin ay nagpapakita ng hanapbuhay na mayroon ang mga nakatira rito. Ang tinutukoy ay ang bagay na may makabuluhang kahulugan at may malaking ambag sa kultura ng isang lugar. Ito'y nagpapahiwatig ng sariling pagkakakilanlan ng mga tao sa isang lugar. Nagamit ang bugtong upang ipakilala ang reyalidad ng pamumuhay ng mga tao sa isang lugar. Ayon kay Salazar nabanggit ni Mandado (2020) lumilitaw ang pagiging makatotohanan ng panitikan kung ito'y nagpapakita ng mga pangyayaring tunay at nangyari sa mga taong na buhay sa panahong ito.

Kaugalian. Ayon kay Weil (2018) ang kaugalian ay isang malawak na paraan ng paggawa ng mga tao ng isang bagay sa lipunan, lugar o panahon at umuunlad sa paulit-ulit na pagsasagawa nito sa mahabang panahon. Sa madaling salita, dahil sa paulit-ulit na itong ginagawa kaya ito na ang naging pamantayan kung paano kikilos ang isang tao sa lipunang kangyang ginagalawan. Narito ang nalikom na bugtong na tumatalakay ng kaugalian. Mula sa 154 na bugtong na nabuo, 30 sa mga ito ay kasasalaman ng kaugalian ng mga Sorsoganon. Narito ang isa sa mga ito na binuo ni kalahok blg. 161 Gracelyn Mae H. Desacada

Sinlaba san sobre,

Ngirit 'pag- oktobre.

Singhaba ng sobre,

Ngiti 'pag Oktobre.

Ang bugtong ay nangangahulugang kapag buwan ng Oktobre ang mga tao sa Sorsogon ay singhabang ng sobre ang ngiti. Ito ay nakaugalian nang gawin ng mga tao sa lugar na ito habang ipinagdiriwang ang Kasanggayahan Festival tuwing Oktobre. Ito ang panahon na maraming mga dekorasyon ang makikita sa Sorsogon, maraming mga programa, konsyerto ng mga kilalang banda at iba pa ang makikita, ipinapakilala ang mga produkto ng bawat munisipyo ng lalawigan ng Sorsogon na dahilan upang makabili at tangkilikin ng mga kapwa Sorsoganon at iba pang mga proyekto na naging rason para matuwa ang mga Sorsoganon.

Narito ang isa pang halimbawa ng bugtong na kasasalaman ng kaugalian ng mga Sorsoganon na binuo ni

Nagkukururag-it

Labanan san batit

Mga naghiyawan

Batang naglabanan

Ang bugtong na ito'y tumutukoy sa lugar na malayang sumigaw o gumawa ng malakas na tunog na dulot ng pananabik at pagsuporta sa laro o kompetisyon. Nakaugalian na ng mga tao na suportahan ang mga taong malalapit sa kanilang puso sa oras ng kompetisyon sapagkat naniniwala sila na sa bawat sigaw na nagagawa nila ay nakadaragdag ng kompiyansa sa taong naglalaro. Mula sa dalawang bugtong na nabanggit, ipinapakita nito na mas magandang mayroon ang mga tao ng lugar at pangyayari sapagkat sa pamamagitan nito naipapahayag kung ano man ang nasa damdamin ng isang tao. Hindi lang ito tumutukoy sa pagiging masaya sa mga nangyayaring pagdiriwang o pagsigaw habang may kompetisyon bagkus ito'y may mas malalim pa na ibig ipakahulugan, ito ay ang pakikipag-ugnayan sa mga tao at pagbibigay suporta sa mga taong nangangailang nito. Ang implikasyon nito ay nagamit ng kalahok ang bugtong upang ipakita ang tunay na nararamdaman ng mga tao sa mga nangyayari sa kanyang kapaligiran. Ayon kay Tablan nabanggit ni Mandado (2020) ang sino mang manunulat ay dapat sumulat ayon sa kanyang pag-iisip at kamalayan na nakaangkla sa kanyang komunidad na ginagalawan.

Paniniwala. Isa pang elemento ng kultura ay ang paniniwala ayon kay Atienza (2018). Ang paniniwala bilang elemento ng kultura ay tumutukoy sa prinsipyo na itinuturing ng mga tao bilang totoo. Sinasabing ang mga tao sa lipunan ay may tiyak na paniniwala ngunit nag-aambag din sila ng mga kolektibong pagpapahalaga kung pag-uusapan ay ang halaga ayon kay Laff at Ruiz. Samantala, mayroon namang 8 bugtong ang napabilang sa paniniwala nilang elemento ng kultura. Narito ang isang halimbawa ng bugtong na sumasalamain sa paniniwala ng mga Sorsoganon na binuo ni kalahok blg. 62 Fretz Kyla A. Jeresano

Sirang mapadaba

Sa Donsol nakita

Isdang mapagmahal

Sa Donsol natanaw

Ito'y tumutukoy sa malaking isda na makikita sa Donsol, Sorsogon. Bagamat ito'y may malaking katawan ay hindi ito nangangain ng tao. Sa katunayan, mayroong pagkakataon na makakalapit at makakakuha ng larawan sa malapitan nang hindi ka nasasaktan. Batay sa bugtong, ang butanding ay may katangiang "mapinadaba" o may literal na salin sa Filipino na "mapagmahal" dahil sa hindi ito nangangain na sa madaling salita ay mababait na naiangkla na rin sa katangian ng mga taga-Sorsogon. Ipinapakita sa bugtong na ito ang tunay na pangyayari sa buhay. Ang implikasyon nito, nagagamit ang bugtong sa pagpapakita ng tunay na pangyayari. Ayon kay Edgar Allan Poe nabanggit ni Atentar (2023) ang akdang pampanitikan katulad ng bugtong ay nabubuo dahil sa malikhaing pag-iisip na hinango sa tunay na pangyayari sa buhay.

Sining at Panitikan. Ayon kay Atienza (2018) ang sining at panitikan ay isang produkto ng imahinasyon ng isang tao. Nagiging daan ang sining at panitikan sa pagpapahayag ng emosyon at nararamdaman. Ito'y mahalaga bilang elemento ng kultura sapagkat sa pamamagitan nito naipakikita sa mga bagong henerasyon ngayon kung gaano kaganda at kakulay ang nakaraan. Narito ang halimbawa ng bugtong na kasasalamain ng Sining at Panitikan ng mga Sorsogon na binuo ni kalahok blg. 8 Rod John G. Jamisola

Sayaw sa tinampo

Nakita san mundo

Sayaw sa kalsada

Mundo nakakita

Noong ika-30 ng Oktubre taong 2019, nasungit ng lalawigan ng Sorsogon ang “Guinness World Records- the largest Filipino folk dance. Ito ang nais ipakahulugan ng bugtong na ito. Natunghayan ng mundo ang ipinagmamalaking sayaw sa kalsada ng mga Sorsoganon. Ito ay bahagi ng Sining ng Sorsogon sapagkat ginamit ang sayaw upang ipahayag ang damdamin na mayroon ang isang tao. Ayon kay Pornel (2019) ang Pantomina sa Tinampo ay isang tradisyonal na sayaw ng mga Bicolano na ang galaw at indak ay mula sa panliligaw at pagpapakita ng pagmamahalan ng mga kalapati. Sa katunayan, dahil sa sayaw na ito, ang lalawigan ng Sorsogon ay tumanggap ng sertipiko mula sa Guinness World Record bilang pinakamalaking Filipino Folk Dance noong ika-30 ng Oktubre, 2019 sa pagdiriwang ng ika-125 taong anibersaryo ng pagkaatatag nito. Kasalukuyang nakalagak sa Museo Sorsogon ang nasabing sertipiko. Naipakita sa bugtong ang ganda at kulay ng sining at panitikan ng lugar. Ang implikasyon nito’y naipapakita ng bugtong na buhay, ipinagmamalaki at pinagyayaman ang sining at panitikan ng lalawigan ng Sorsogon.

Mayroong 4 na paraan kung paano ipakita ang kultura ng isang lugar sa pamamagitan ng sining at panitikan. Maipapamalas ang kultura sa pamamagitan ng sining at panitikan sa pamamagitan ng visual art, language art, performance art at literature. Ang bawat isa sa mga ito ay nagpapakita ng iba’t ibang tungkuling pangkultura na dapat sundin ng mga tao sa lipunang kinabibilangan upang umunlad ang kultura ng isang lugar, pagmalaki sa komunidad, pagkakakilanlan at pamana ayon kay Brodowicz (2024).

3.3 Magasin: Bugtong: Pagkilala sa Kulturang Sorsoganon.

Ang Bugtong: Pagkilala sa Kulturang Sorsoganon ay isang koleksyon ng mga bugtong na kasasalaminan ng kulturang mayroon ang lalawigan ng Sorsogon. Mababasa sa aklat na ito ang mga gawang bugtong ng mga mag-aaral sa baitang 8 ng Celestino G. Tabuena Memorial National High School taong panuruan 2024-2025 na kasasalaminan ng kulturang Sorsoganon. Ang magasing ito ay mayroong 154 na mga bugtong na may kaugnayan sa mga salitang Pili, Lawlaw, Baluko, Mount Cabanbanan, Sorsogon City Rompeolas, Kasanggayahan Festival, Sorsogon Sports Arena, Museo Sorsogon, Pantomina sa Tinampo at Butanding sa Donsol, Sorsogon. Ang mga bugtong na ito ay mula sa mayamang imahinasyon ng mga mag-aaral ng nasabing baitang at paaralan. Ang pagbuo ng bugtong ay sinimulan noong Nobyembre 2024 hanggang Enero 2025. Nilikom at sinuri ng mananaliksik ang bawat bugtong na nabuo batay sa elemento ng tula at ang nasasalaming elemento ng kultura. Makikita sa magasing ito ang orihinal na bugtong na nakasulat sa Wikang Bikol. Bawat bugtong ay may salin sa Filipino para malinaw at madaling maunawaan ang nais iparating ng paglalarawan. Mayroon ding tamang sagot na nakasulat nang pabaligtad.

4. Kongklusyon

Batay sa natuklasan, nabuo ang sumusunod na konklusyon. Mas maraming bugtong na nabuo ang mga kalahok na pasok sa pamantayang ibinigay ng mananaliksik. Mayroong iba’t ibang elemento ng kultura ang masasalamin sa bugtong na nabuo ng mga kalahok. Ang magasin na may pamagat na “Bugtong: Pagkilala sa Kulturang Sorsoganon” ang nabuong awtput ay magagamit sa pagtuturo ng akdang pampanitikan, magagamit din sa pagpapapanatili, pagtataguyod at pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa kulturang Sorsoganon at pagpapaunlad ng imahinasyon at pagpapatilas ng isipan.

Rekomendasyon - Batay sa kongklusyong nabuo sa pag-aaral na isinagawa, inirerekomenda ng mananaliksik ang sumusunod: Maaaring gamitin ang mga bugtong na nabuo sa talakayan ng aralin sa panitikang pangrehiyon o pagtalakay ng bugtong bilang mga lokalisa at kontekstwalisadong halimbawa ng akdang pampanitikan. Gawing gabay at halimbawa sa pagbuo ng sariling bugtong bilang awtput ng aralin. Sikaping makabuo ng mga bugtong at iba pang akdang pampanitikan na nagpapakilala ng kulturang Sorsoganon o kultura ng isang lugar. Maaaring gamitin sa pagpapalawak ng imahinasyon, pagpapanatili, pagtataguyod, at pagpapalaganap ng kulturang Sorsoganon. Hinihikayat na magsagawa pa ng mga pag-aaral na may kaugnayan sa paksang ito upang maging gabay ng mga susunod pang mananaliksik. Sa paraang ito, mas mapagyayaman ang panitikan at ang kulturang mayroon ang isang lugar.

5. Talasanggunian

- Ada, H. C. & Marbella, F. D. (2024). Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsusuri ng Tula. *IJNRD - International Journal of Novel Research And Development* (www.IJNRD.org), ISSN:2456-4184, Vol.9, Issue 6, page no.c59-c77, June-2024, Available <https://ijnrd.org/papers/IJNRD2406209.pdf> Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, 1987.
<https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/ang-konstitusyon-ng-republika-ng-pilipinas-1987/>
- Anglia, N. (2020). Why Studying History is Important <https://www.nordangliaeducation.com/news/2020/04/29/why-is-it-important-to-study-history>
- Arrogante J., et. al. (2010). *Panitikang Filipino Antolohiya*. National Bookstore
- Atentar, J. M. (2024). Paraan ng Pagsusuri ng Akdang Pampanitikan <https://www.slideshare.net/slideshow/paraan-ng-pagsusuri-ng-akdang-pampanitikanpptx/255484660>
- Atienza (2018). Ano ang Kultura? Kahulugan, Elemento at kahalagahan. Retrieved from <https://pinoynewbie.com>
- Balido, J. A. (2019). Komparatibong pagsusuri ng mga Panitikang Bayan. Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon
- Balunsay, Jr., & Tindugan, S.M. (2017). Tigsik at Tirigsikan: Sipat at Suri sa mga Piling Pasalitang Tulang Caramoranon ng Isla Catanduanes, Pilipinas. *Malay*, 30.1 (2017):38-50. <https://www.dlsu.edu.ph/wpcontent/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-30/1/4balunsay.pdf>
- Bauca, A. L. (2024). Mga Kuwentong Butanding sa Bayan ng Donsol. Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon. Paaralang Gradwado.
- Buenaobra, N.P. (2000). *Pag-aaral at Pagsasalin sa Filipino ng mga Kaalamang-Bayan ng Bikol ang Kahalagahan ng mga ito sa Pagtuturo ng Filipino sa Bagong Lipunan*.
- Buluran, S. E. (2024). Mga Idyomatikong Ekspresyong Gubatnon. Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon. Paaralang Gradwado.
- Butanding. (2015). V. A. Sagisag Kultura. National Commission for Culture and the Arts. <https://philippineculturaleducation.com.ph/butanding/>
- Bhandari, P. (2021). Ethical Considerations in Research Types and Examples. <https://www.scribbr.com/methodology/research-ethics/>
- Brodowicz, M. (2024). Cultural Background in Art and Literature. <https://aithor.com/essay-examples/cultural-background-in-art-and-literature>
- Calibara, A. A. (2019) Mga Katutubong Salaysay sa Paracale Camarines Norte: Kayaman ng Panitikang Panrehiyon. Pamantasan ng Bikol. Paaralang Gradwado
- Cerillo, J.A.V. (2024). Silip-Kuwento sa Pinagmulan ng Pangalan ng mga Barangay sa Bacon. Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon. Paaralang Gradwado.
- CHED Memorandum 59, s. 1996 Pagtuturo ng Panitikag Panrehiyon Marvida, G. (2017). Implementasyon ng CHED memo order no. 59 1325649818 (1). https://www.academia.edu/33904415/Implementasyon_ng_CHED_memo_order_no_59_1325649818_1
- Cherry, K. (2024). What Does Happiness really Mean? <https://www.verywellmind.com/what-is-happiness-4869755>
- Del Mundo, C. M. (2002). Iligtas ang mga Butanding. *Phil Star Global*. <https://www.philstar.com/opinyon/2002/02/24/151765/iligtas-ang-mga-butanding>
- Diksyonaryo ng Wikang Filipino. (2021). <https://kwfdiksyonaryo.ph/>
- Forteo, C. F. (2022). Mga Kuwento at Kultura ng mga Barangay sa Barcelona, Sorsogon. Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon. Paaralang Gradwado.
- Hontomin, G. (2020). Kahulugan at Katangian ng Malikhaing Pagsulat. https://www.academia.edu/43853100/Yunit_2_Malikhaing_Pagsulat_Aralin_1_Kahulugan_at_Katangia

n ng Malikhaing Pagsulat

- Jersey, C.D. (2016). Pagkilala sa mga Kulturang Bacongnon. Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon. Paaralang Gradwado.
- Knapp, A. & Farley, A. (2024). New Historicism Definition, Theory & Criticism. <https://study.com/learn/lesson/new-criticism-theory-examples-what-is-new-criticism.html>
- Jose, Cristina D. (1970) Facts About Sorsogon. Sorsogon Provincial Library. Museo Sorsogon 959.9155.
- Jocson, M. O. et al. (2014). Hiyas ng Lahi. Vibal Group, Inc.
- Julian, A. G. et al. (2012). Pinagyamang Pluma. Phoenix Publishing House, Inc.
- Julian, A. G. et. al. (2014). Pinagyamang Pluma. Phoenix Publishing House, Inc.
- Laff, R. & Ruiz, W. Values and Beliefs [https://socialsci.libretexts.org/Bookshelves/Early_Childhood_Education/Child_Family_and_Community_\(Laff_and_Ruiz\)/03%3A_What_is_Culture_and_Why_is_it_Important/3.02%3A_Values_and_Beliefs](https://socialsci.libretexts.org/Bookshelves/Early_Childhood_Education/Child_Family_and_Community_(Laff_and_Ruiz)/03%3A_What_is_Culture_and_Why_is_it_Important/3.02%3A_Values_and_Beliefs)
- Lositaño, N. C. (2023). Antolohiya ng mga Piling Kuwentong-Bayan ng Tiwi Bilang Kagamitang Panturo. Pamantasan ng Bikol. Paaralang Gradwado
- Llaneta, R. (2020). Karunungan-bayan Irosanon: Isang Pagtalunton. Consortia Academia Publishing, 9(2), 45-55 https://www.researchgate.net/publication/346737951_Karunungan-bayang_Irosanon_Isang_pagtalunton
- Mandado, J. (2020). Pagtuklas sa mga Piling maikling akda ni P.V. Villafuerte sa Realismong pananaw https://www.researchgate.net/publication/345213789_Pagtuklas_sa_mga_piling_maikling_akda_ni_P_V_Villafuerte_sa_realismong_pananaw
- Mirabel, b. (2017). Sulyap at Suri sa Akdang Magalleño. Sorsogon State College. Paaralang Gradwado.
- Nibalvos, I.P. (2019). Lipunan at Panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa Pagbuo ng Literaturang Pambansa, Malay, 32(1), 99-114. <https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-32/1/7-nibalvos.pdf>
- Panganiban, J.V., et. al. (2011) *Panitikan ng Pilipinas (Binagong Edisyon)*. Rex Bookstore
- Park, S., & Habjan, J. (2023). World Literature. DOI: 10.1093/OB/97800190221911-0025 <https://www.oxfordbibliographies.com/display/document/obo9780190221911/obo-9780190221911-0025.xml>
- Peter Lang Verlag. Literary and Cultural Theory. <https://www.peterlang.com/series/lct>
- Piquero, A. J. (2010). Pagbabalik-Tanaw sa kasaysayan ng Kainan. <https://fil12hhhgroup5.wordpress.com/pagbabalik-tanaw-sa-kasaysayan-ng-kainan/>
- Pizzimenti, S. (2012). Symbols as Expression of Cultural Identity and Connectivity. The Case of Mitannian, cassite and Middel- Assyrian Symbolic Heritage in Late Bronze Mesopotamia. Sapienza University of Rome. https://www.researchgate.net/publication/263275033_Symbols_as_Cultural_Expression_of_Cultural_Identity_and_Connectivity_The_Case_of_Mitannian_Cassite_and_Middle-Assyrian_Symbolic_Heritages_in_Late_Bronze_Mesopotamia
- Proklamasyon Blg. 968 s. 2015- Buwan ng Panitikan ng Pilipinas <https://bantaynakaw.com/national-literature-month-proclamation-no-968-s-2015/>
- Rawat, A. S. (2021). An Overview of Descriptiv Analysis. Analytic Steps. <https://www.analyticssteps.com/blogs/overview-descriptive-analysis>
- Realubit, L. F. (2002). *Sarabihon A Journal of Sorsogon Studies*
- Realubit, L. F. *Bikol Literary History*
- Republic Act 11961 of 2023 An Act Strengthening the Conservation and Protection of Philippine Cultural Heritage through Cultural Mapping and Enhanced Cultural Heritage Education Program, amending for the Purpose Republic Act No. 10066, otherwise known as the National Cultural Heritage Act of 2009 https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2023/ra_11961_2023.html
- Republic Act 10173- Data Privacy Act of 2011 <https://privacy.gov.ph/data-privacy-act/>
- Roncesvalles, A.T. (2022). Panulaang Waray (Siday), Katayuan at Kalagayan ng mga Kababaihan: Isang

- Pagsipat. Pamantasan ng Bikol. Paaralang Gradwado
- Rumusad. (2022). Estruktural na Anyo at Interpretasyon sa Pagsulat ng mga Piling tanaga. International Journal of arts, Sciences and Education. Volume 3, 228-23 <https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/141/115>
- Serrat, O. (2017). Culture Theory. Georgetown University https://www.researchgate.net/publication/318018641_Culture_Theory
- Simpson, J. (2024). Travel and Tourism Economic Impact 2024. World travel & Tourism Council. https://assetsglobal.websitefiles.com/6329bc97af73223b575983ac/6643349dbfbdc3e3c03afcb8_EIR2024-World-130524.pdf
- Swann, J. & Vigil, J. (2024). New Historicism Definition, Theory and Criticism. <https://study.com/academy/lesson/new-historicism-in-literature.html>
- UNESCO Cities of Literature Press Paxk. (2020) .https://www.citiesoflit.com/_files/ugd/9ed5fa_71d9fdde014d47459cb99a7ef6faf952.pdf